Pag-usapan natin ang tungkol sa
# enduring power of attorney (pamalagiang gawad na kapangyarihan)

Para alamin ang higit pa, tumawag o bumisita sa:

**1300 360 044**

**www.pt.qld.gov.au**

## Ano ang enduring power of attorney?

**Ang enduring power of attorney ay isang ligal na dokumento na nagbibigay-daan sa iyo (ang 'principal') upang humirang ng isang tao na iyong pinagkakatiwalaan *(isang abogado) para gumawa, sa ngalan mo, ng mga pampinansyal na pagpapasya o mga personal na pagpapasya (kabilang ang mga pagpapasya tungkol sa iyong kalusugan).**

Sa isang panahon sa hinaharap, maaaring magkaroon ng sitwasyon kung saan hindi mo na makayanang gumawa ng sarili mong mga desisyon tungkol sa mga bagay na personal, pangkalusugan o pampinansyal. Maaaring ito ay dahil sa isang aksidente, isang kondisyong medikal, o sakit na pangkaisipan. Ang enduring power of attorney ay nagbibigay-daan sa iyo na humirang ng mga tao na iyong pinagkakatiwalaan para gumawa ng mga desisyon para sa iyo kung hindi mo na makayanang gawin ito.

Kung balak mong gumawa ng enduring power of attorney, huwag mo itong ipagpaliban — dahil hindi mo na magagawa ito sa sandaling mawalan ka na ng kakayahan.

Ang dokumentong enduring power of attorney ay makakaapekto nang malaki sa iyong mga ligal na karapatan at ito ay pinamamahalaan ng *Powers of Attorney Act 1998* (ang Act)[1]. Mariing inirerekomenda na humingi ka ng independiyenteng ligal na payo mula sa isang kwalipikadong ligal na propesyonal bago mo kumpletuhin ang form ng enduring power of attorney. Titiyakin nito na tatanggap ka ng payo na naaangkop sa iyo at bibigyan ka ng katahimikan ng isip na ang dokumento ay inihanda nang wasto upang salaminin ang iyong mga binabalak, at natugunan ang lahat ng mga ligal na kahingian.

Upang gumawa ng isang balidong enduring power of attorney, ang principal ay dapat may kakayahan (tingnan ang seksyon 41 ng Act), at ang dokumento ay dapat pasulat na nakatala at naisagawa nang wasto ng principal sa harap ng isang saksi (tingnan ang seksyon 44 ng Act).

## Ano ang isang abogado?

Ang isang abogado ay tao na iyong hihirangin upang gumawa ng mga desisyong personal, pangkalusugan at/o pampinansyal  sa ngalan mo. Maaari kang magtakda ng mga kondisyon o magbigay ng mga tagubilin sa iyong enduring power of attorney kung paano kikilos ang abogado sa ngalan mo. Maaaring kabilang dito ang paglimita sa mga kapangyarihan ng iyong abogado sa pamamagitan ng pagtukoy nang tiyak sa mga desisyon na hindi niya magagawa at ang mga desisyong mangangailangan ng pag-apruba mula sa isang hinirang, pinagkakatiwalaang tao na hindi abogado.

## Sino ang dapat kong hirangin bilang aking abogado?

**Ito ay isang napakahalagang desisyon**. Ang tao o mga tao na iyong hihirangin ay magkakaroon ng ligal na kapangyarihan para gumawa ng mga desisyon sa ngalan mo kung mawawalan ka ng kakayahang gawin ang mga ito para sa sarili mo. Mahalagang pumili ka ng isang tao na iyong pinagkakatiwalaan, na nakakaunawa sa iyong mga pangangailangan, mga interes at pinahahalagahan, at gagawa ng pinakamagaling para sa iyo.

## Ano ang inaasikaso ng isang abogado para sa mga pampinansyal na bagay?

Ang pampinansyal na abogado ay maaaring gumawa ng mga bagay gaya ng:

- pagtiyak na ang iyong mga bayarin (bills) ay mababayaran
- pamamahala sa iyong mga pamumuhunan
- paghahanda ng iyong mga tax return

## Ano ang inaasikaso ng isang abogado para sa mga bagay na personal at pangkalusugan?

Ang isang abogado para sa mga personal na bagay ay mag-aasikaso sa mga bagay gaya kung saan ka titira, sino ang titira na kasama mo at mga serbisyo na susuporta sa iyo.

Ang isang abogado para sa mga pangkalusugang bagay ay maaaring mag-asikaso sa mga partikular na desisyong medikal, mga opsyon sa paggamot at mga gamot.

Ito ay **hindi** kapareho ng isang advance health directive (pangunang tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan), na isang bagay na magagawa mo sa pagkonsulta sa iyong doktor.

[1] www.legislation.qld.gov.au/view/pdf/inforce/current/act-1998-022

## Ano ang dapat kong isaalang-alang kapag gumagawa ng enduring power of attorney?

**Ang ilan sa mga bagay na maaaring gustuhin mong isaalang-alang ay ang:**

- Paano ko gustong mamuhay kung hindi ko na makayanang gumawa ng sarili kong mga desisyon?
- Ano ang mga bagay na pangrelihiyon o pangkultura na mahalaga para sa akin?
- May mga tao ba na gusto kong isali sa mga talakayan tungkol sa pangangalaga sa akin o sa mga pampinansyal na desisyon na makakaapekto sa akin?
- Anong mga bagay ang pinakamahalaga sa akin?

## Ano ang dapat kong isaalang-alang sa pagpili ng abogado?

**Ang ilan sa mga bagay na maaaring gustuhin mong isaalang-alang ay:**

- Ang tao bang ito ay 18 taong gulang o mas matanda pa?
- Ang tao bang ito ay mapagkakatiwalaan at malamang na kumilos para sa pinakamainam kong kapakanan?
- Ang tao bang ito ay handang tumanggap ng responsibilidad?
- Ang tao bang ito ay may sapat na kasanayang pampinansyal at makakayanan ba niya ang lahat ng mga bagay na pampinansyal at pang-ari-arian kaugnay sa aking estate?
- Ang tao bang ito ay nakatira sa malapit lang para magsagawa ng kanyang mga tungkulin?
- Ang tao bang ito ay kayang magtabi at magpreserba ng wastong mga rekord at account ng lahat ng mga pakikipag-ugnayan at transaksyon na ginawa sa ilalim ng isang enduring power of attorney?
- Ang pipiliin bang abogado ay lilikha ng alitan sa loob ng aking pamilya?
- Dapat ba akong magtakda ng anumang mga tuntunin o paghihigpit para sa abogado?

## Paano ko dapat simulan ang pagpaplano nang maaga?

Kabilang sa pagpaplano nang maaga ang pag-iisip kung ano ang mahalaga sa iyo at pakikipag-usap sa iyong mga minamahal tungkol dito at sa mga taong iyong pinagkakatiwalaan. Ang pag-alam sa iyong mga opsyon kapag gumagawa ng enduring power of attorney, at paano poprotektahan ang iyong sarili at ang mga nais mong paglaanan para sa hinaharap, ay napakamahalaga. Laging inirerekomenda na humingi ng payo mula sa isang propesyonal tungkol sa paggawa ng enduring power of attorney kaysa sa ikaw mismo ang maghanda ng dokumento.

Maaaring gustuhin mo rin na pag-isipang humirang ng isang propesyonal na organisasyon, isang abogado o accountant upang kumilos bilang iyong abogado, gayunpaman, may nakalapat na babayaran.

## Sino ang maaari kong kontakin para gumawa ng enduring power of attorney?

**Queensland Public Trustee:** Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paggawa ng enduring power of attorney at kung paano mo maaaring hirangin ang QPT bilang iyong abogado para sa mga pampinansyal na bagay, bisitahin ang: www.pt.qld.gov.au/wills-powers-of-attorney-estates/powers-of-attorney.

Queensland Public Trustee

**Office of the Public Guardian:** Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa tungkulin ng Public Guardian at paano mo maaaring hirangin ang Public Guardian bilang iyong abogado para sa mga bagay na personal at pangkalusugan, bisitahin ang: www.publicguardian.qld.gov.au/planahead.

Office of the Public Guardian

**Pamahalaan ng Queensland:** Amg mga form ng enduring power of attorney at mga patnubay ay makukuha sa: www.publications.qld.gov.au/dataset/power-of-attorney-and-advance-health-directive-forms.

Queensland Government

Let's-talk-about-an-enduring-power-of-attorney-factsheet-2PP-v6-Tagalog-December-2025